Republic of the Philippines

Department of Education

Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

Zest for Progress
Zeal of Partnership

4

# HEALTH

## Ikatlong Markahan – Modyul 1:
## Gamot ay gamitin, Huwag abusuhin






Pangalan ng Mag-aaral: ___________________________

Baitang at Seksyon: ______________________________

Paaralan: ______________________________



# Alamin

Ang mga gamot ay mahalaga sa ating kalusugan dahil ito ay tumutulong sa atin upang hindi lumala ang komplikasyon sa ating katawan. Ang gamot ay tumutulong sa atin upang tayo ay gumaling sa anumang uri ng sakit.

Sa modyul na ito, inaasahan na makakamit/matutunan mo ang mga sumusunod na layunin.

A. Natutukoy ang iba't ibang gamit ng gamot **H4S-IIIa-1**
B. Nakikilala ang pagkakaiba ng inireseta at hindi iniresetang gamot **H4S-IIIb-2**
C. Nailalarawan ang mga maling paggamit at pag-aabuso sa gamot at ang maaaring maging panganib na dulot nito. **H4S-IIIde-4**



# Subukin

**Panuto:** Alin sa mga sumusunod ang tamang paraan ng paggamit ng gamot. Lagyan ng (/) ang patlang kung ito ay sa tamang pamamaraan at (X) kung ito ay mali.

________1. Tatlong araw ng pabalik-balik ang lagnat ni Rihana kumunsulta siya sa doktor bago uminom ng gamot.
________2. Bumili ng gamot na kaiba sa iniresta ng doctor upang makamura sa presyo.
________3. Ilagay ang gamot kahit saan pagkatapos gamitin.
________4. Inumin ang gamot sa itinakdang oras.
________5.Mahalagang huwag ng tingnan ang nilalaman ng label ng gamot.



# Balikan

Panuto: Sumulat ng tatlong pangungusap tungkol sa tamang paraan sa paggamit ng gamot para maiwasan ang komplikasyon sa katawan?

1. ____________________________________________________________
2. ____________________________________________________________
3. 
4. ____________________________________________________________

| Aralin 1 | Gamot ay Gamitin, Huwag Abusuhin |
|---|---|



# Tuklasin

**Panuto**: Basahin at unawain ng mabuti ang tula na nasa ibaba.

GAMOT SA BOTIKA

May dalawang uri ng gamot
Na nabibili sa botika  Una ay gamot na may reseta
Pangalawa nama'y kahit wala na.

Gamot na may reseta, doktor na may dikta
Gamot sa mga may sakit na malubha'y malala na
Hindi puwedeng gamitin kung pahintulot ng doktor di kamtin
Pagkat lalo lang magdudulot sakit' karamdaman natin

Gamot na may reseta ay marami sa botika
Kahit sino sa atin ay maaring bumili at makakuha
Basahing mabuti ang direksyon sa etiketa
Upang di magkamali, maiwasan ang pinsala.



# Suriin

**Panuto**: Sagutin ang mga tanong mula sa tula na iyong binasa.

1. Ano ang dalawang uri ng gamot ayon sa ating tula?
   ______________________________________
2. Bakit mahalaga na may reseta ng gamot mula sa doktor?_________________________________
3. Ano ang pagkakaiba ng may reseta at walang reseta na gamot?
   ___________________________



# Pagyamanin

**Panuto:** Magbigay ng 5 maling paggamit at pang-abuso sa gamot at ang panganib na dulot nito?

1.________________________________________________

2.________________________________________________

3.________________________________________________

4.________________________________________________

5.________________________________________________



# Isaisip

**Panuto:** Kumpletuhin ang pangungusap upang makabuo ng mahalagang kaisipan tungkol sa tama at maling paggamit ng gamot at ang panganib na dulot nito.

1. Ang maling paggamit ng gamot ay may masamang _________ sa katawan.
2. Ang pag-inom ng sobrang dami ng gamot ay ________ sa katawan.
3. Nakakatulong ang ________ para guminhawa o gumaling ang pakiramdam.
4. Mahalagang uminom ng gamot ng may _________ng doktor.
5. Dapat natin basahin ng mabuti ang _________sa etiketa ng gamot.



# Isagawa

**Panuto**: Ilarawan sa pamamaagitan ng pagguhit ang tama at maling paraan ng paggamit ng gamot at panganib na dulot nito. Kulayan ito, gawing basehan ang rubriks para sa pagbibigay ng iskor sa iyong nabuong larawan.

| Mga pamantayan/ Sukatan | Mga Nakalaang Iskor | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 3 | 1 |
| Kawastuhan | Sadyang wasto na naiguhit ang tungkol sa tama at maling paggamit ng gamot at panganib na dulot nito. | Hindi gaano o kulang ang iginuhit ang tungkol sa tama at maling paggamit ng gamot at panganib na dulot nito. | Halatang hindi naiguhit ang tungkol sa tama at maling paggamit ng gamot at panganib na dulot nito. |
| Masining na pamamaraan | Sadyang halata na magaling sa paggamit ng kulay upang mabigayang diin ang larawan at kaisipan na pahayag. | Halatang hindi mahusay sa pang kulay upang mabigyang diin ang kaisipan na ipapahayag. | Halatang hindi nabuo ang larawan. |
| Kalalabasan | Sadyang maganda at malinis ang nabuong larawan at nailarawan ang kaisipan na ipapahayag. | Hindi gaanong maganda ang nabuong larawan at hindi gaanong nailarawan ang kaisipan na ipapahayag. | Halatang hindi maganda ang nabuong larawan at hindi malinaw na nailarawan ang kaisipan na ipapahayag. |



# Tayahin

**Panuto**: Basahin at unawain ang bawat pangungusap at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang tawag sa dokumento na ibinibigay ng doktor kung saan nakasulat ang tagubilin sa tamang paggamit o pag inom ng gamot?
    a. reseta
    b. etiketa
    c. listahan
    d. dokumentasyon

2. Alin sa mga sumusunod ang magiging epekto ng gamot kung ito ay hindi ininom ng tama?
    a. kagalakan
    b. nakakasama sa katawan
    c. lunas sa sakit
    d. katalinuhan

3. Paano mo masasabi na hindi tama ang hakbang ng paggamit ng gamot?
    a. bumili ng gamot sa pinagkakatiwalaang botika
    b. ilagay ang gamot sa lalagyan pagkatapos gamitin
    c. uminom ng gamot kahit walang reseta ng doktor
    d. gamitin ang gamot na may gabay ng nakakatandang kapatid

4. Bakit mahalagang ipaalala sa kaibigan na kapag bumili ng gamot ay dapat may reseta?
    a. dahil kailangan ang gabay ng doktor
    b. dahil mahalaga na malaman niya ito
    c. upang maibahagi ang kaalaman sa kaibigan
    d. upang makabili ng tamang gamot

5. Ano ang epekto ng sobrang pag inom ng maraming gamot?
    a. pagkabingi
    b. pagkabulag
    c. pagkahilo
    d. pagkalumpo



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Sumulat ng talata at ipaliwanag kung bakit kailangan ng gabay ng mga magulang, doktor, guro at nakakatandang kapatid sa pag inom o paggamit ng gamot?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

# Sanggunian

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat: RANIA T. HAMAD Editor: MOAMAR W. HALILULLA**
**Tagasuri: NASER P. ELANG**
**Tagaguhit: ROSDIE W. HALILULLA**
**Tagalapat:**
**Tagapamahala:** Julieto H. Fernandez, Ed. D., CESO VI
SDS-Isabela City
Maria Laarni T. Villanueva, Ed. D., CESE
ASDS-Isabela City
Henry R. Tura, CID Chief
Elsa A. Usman, EPS, LR Supervisor
Jani P. Ismael, EPS-MAPEH, Module Coordinator



# Susi ng Pagwawasto

SUBUKIN

1. /
2. X
3. X
4. /
5. X

BALIKAN

Posibleng sagot

*bumili ng gamut ng may reseta ng doktor at uminom sa itinakdang oras.

SURIIN

Posibleng sagot

1.may reseta at walang reseta na gamut
2.upang magamot ang karamdaman
3.ang may reseta ay galling sa doktor at walang reseta ay hindi puwedeng gamitin sapagkat ay hindi galling sa doktor

PAGYAMANIN

Posibleng sagot

Ang hindi pagbili ng may reseta ng doktor at sobrang pag inom ng gamot ay maaring makapinsala sa kalusugan. Ang mga epekto nito ay:

1.hindi nakakagamot sa karamdaman
2.lumala ang sakit
3.walang epekto ang gamot sa katawan
4.nagiging sanhi ng panibagong karamdaman
5.nakakamatay

ISAISIP

1.epekto
2.nakakasama
3.tamang gamot
4.reseta
5.label

KARAGDAGANG GAWAIN (posibleng sagot)

* Kailangan ng gabay sapagkat ito mahalaga dahil dito nakataya ang ating kalusugan.

TAYAHIN

1.a
2.b
3.c
4.d
5.c